Pahayagan sa 10 wika

# Mimitaro

Tagalog/タガログ語版 ☆Blg.146 Enero 2023

Boluntaryong Grupo ng SIA「Mimitaro」
Lugar : 2F Piazza Omi 1-1-20 Nionohama, Lungsod ng Otsu
Tel : 077-523-5646 Fax : 077-510-0601
E-mail : mimitaro@s-i-a.or.jp
URL : https://www.s-i-a.or.jp/tl
: https://www.facebook.com/siabiwako

## Hamunin ang sarili at hayaang lumago！

Sa isyung ito ng Mimitaro, atin nakapanayam si Bb. Alma Kawasaki isang caregiver.



18 taon na ang nakalilipas simula nung nag asawa ako ng hapon at dumating ng Shiga mula Pilipinas. Ang tatlo kong mga anak ay mga estudyante na ng Junior at Senior High School.

Nagsimula akong mag-trabaho walong taon na ang nakalilipas. Nagtratrabaho ako doon sa aking sariling bansa bilang isang komadrona ngunit hindi ko nagamit ang kwalipikasyong ito dito sa Japan. Dahil sa mga kadahilanang ito, sa mungkahi na rin ng asawa ko at napag isip-isip ko rin na baka maari akong makapagtrabaho sa larangan ng pangangalaga, kaya nagsimula akong mamasukan sa isang after-school day care service. Ito ang unang pagkakataon kong makapag alaga ng mga batang may mga kapansanan, inalagaan at itinuring ko silang parang sarili kong mga anak, tinitiyak kong unawain ang bawat kanya-kanyang indibidwalidad ng mga bata. Kapagkadarating na ako sa pasilidad, sobra silang nakakatuwa sinasalubong nila ako ng mainit na pagbating "Titser Alma! habang kumakaway-kaway sila sa akin. Nakapagtrabaho din ako ng halos kalahating taon sa isang pangalagaang-pasilidad na isinaayos ko pa ang oras ng trabaho ko mula sa trabahong ito, subalit napag isip-isip ko rin na hindi ko magagawa ang trabahong gusto ko kung hindi ako kwalipikado dito, kaya kumuha ako ng pagsasanay na kurso para sa mga caregivers. Habang nagsasanay natutunan ko ang tungkol sa pangangalaga kasama ang mga taong mula sa ibat ibang bansa, pakiramdam ko noon para akong nasa isang bagong mundo. Mula sa mga bago kong nakasalamuha doon, sumali ako sa isang grupo ng mga dayuhan na naghahatid saya sa tahanang-pambata gaya ng mga pagtitipon at salu-salo at tuwing pasko naman kami ay nagdadala ng mga pagkain ng iba't ibang bansa at iginugugol namin ang buong araw ng isang masayang kantahan at pakikipaglaro sa mga bata.

Pagkatapos kong makakuha ng kwalipikasyon parasa caregiving, sa ngayon maglilimang taon na akong nagtratrabaho sa isang pasilidad na malapit sa bahay namin. Sa trabaho, mayroon kaming buwanang pagpupulong at pagsasanay upang mas lalo ko pang mapabuti ang aking kasanayan, na sa tingin ko ay lalong nakakahikayat. Ako lang ang nag iisang dayuhan sa lahat ng mga tauhan kaya't ang pag ulat sa pang araw-araw na talaan sa trabaho na inaabot lamang ng 10 minutos nilang isulat, sa akin kung minsan ay inaabot pa ako ng halos isang oras sa pagsulat gamit ang diksyunaryong-pangmedikal. Hindi naman mahirap makipag usap sa wikang hapon kung sa pang araw-araw na pangungusap lamang ito, subalit naisip ko rin na kinakailangang kong itaas ang antas ng kasanayan ko dito upang lubos kong magawa ang aking trabaho. Kaya nagtakda ako ng aking sariling layunin sa pagsasanay upang mas lalo ko pang mapabuti ang kasanayan ko sa wikang hapon kaya nag-aral ako sa online, at hinamon ang sariling kumuha ng Japanese Language Proficiency Test (JLPT). Mahal ko ang trabahong ito dahil ito ay nakakapagpasaya ng ibang tao, hindi ko mapigilang mapangiti kapag nakikita ko ang mga mukha ng mga matatandang nagrerelaks sa paliguan. Sa tuwing nakakaramdam ako ng kapaguran sa trabaho, di ko alam kung bakit ang paglilinis sa aming hardin ang ginagawa kong mabisang libangan upang muling manumbalik ang aking lakas! Paminsan-minsan tinutulungan ko ang aking biyenang lalaki sa kanyang palayan, habag ako at ang buong pamilya ay masayang gumagawa preskong nakakapagpahinga din kami pagkatapos.

Ang biyenan kong babae na pumanaw na anim na taon na ang nakalilipas, ang siyang nagsasama sa akin sa pamamasyal at sa bawat mapuntahan namin ay ipinapakilala niya ako sa mga kakilala niya. Nagpapasalamat ako sa kanya, dahil doon sa kabutihang palad naging komportable ang pamumuhay at pakikipag-ugnayan ko sa mga tao sa aming komunidad. Subalit, nung pumasok na sa nursery ang mga bata kinakailangan kong bumuong mag isa ng panibagong relasyon sa aking mga kapitbahay. Dahil nakatira ako sa isang lugar na kakaunti lang ang mga bata, dalawang beses akong napiling magsilbi bilang isang kawani sa kindergarten, nung unang pagkakataong napili ako para sa posisiyon talagang naguguluhan at nagalit pa nga ako kung bakit ako ang napili gayung hindi pa sapat ang kakayahan ko sa wikang hapon. Ngunit sa kalaunan nabuhayan din ako ng loob dahil sa suportang ipinakita ng mga kaibigan kong mga kapwa-nanay, tinanggap ko ang posisyon dahil nagtiwala sila sa akin at sa pangakong "Susuportahan nila ako" kung babalikan ngayon nakakatuwang gunitaing mga alaala marahil di nila maisip na ako ay isang dayuhan kaya nagulat sila nung makita nila ako sa unang pagkikita-kita. Kahit papano nagawa ko naman ang iniatas na tungkulin sa akin nung sinubukan ko ito sa kalaunan naintindihan ko rin ang sistema at nakikilala ko pa ang mababait na mga nanay. Maraming mga sosyo-aktibidad sa loob ng komunidad tulad ng pagsisilbi bilang opisyal sa mga samahang pangkabataan at pagtulong sa samahan ng pang-matatanda, sa totoo lang, matrabaho ito minsan, gayunpaman kapag dinaluhan ko na ang mga ito nararamdaman ko na lamang na nasisiyahan ako sa mga kaganapan at pakikipag-ugnayan sa mga tao at kapagka uuwi na ako minsan ay ako pa ang nakikiusap na "Imbitahan nila akong muli".

Marahil may mga taong ayaw gawin ang isang bagay dahil iniisip nila, "Hindi ko ito magagawa dahil isa akong dayuhan," ngunit kapag sinubukan, kadalasan malalaman mo at masasabi mo sa sarili, "kaya kong gawin, masaya, magagawa ko rin ito." Maging matapang at ipahayag ang iyong saloobin. At kung sabihin nilang "Maganda yan, Subukan natin!" Ikatutuwa mo ito. Mapapaaralan man yan, sa trabaho, o sa komunidad, umpisahang makilahok. Naniniwala ako na sa pamamagitan ng pagbuo ng magandang relasyon, paninindigan at pagtupad sa iyong mga tungkulin kalaunan magiging kasapi ka rin ng samahan at lalago rin ang pagkatao mo. Pagkatapos ng lahat-lahat kung sakaling mabigo ka man, maaari mo pa rin subukang muli ng pauli-ulit ito.

**Segurong-Pangkalusugan Serye-7**

# ～Ano ang aasahan kapag bumisita sa malaking ospital～

## 【Pagbabago sa dagdag-bayarin sa mga unang-beses na pasyente na walang maipakitang sulat ng rekomendasyon/referral letter (SENTEI RYOYOHI)】



Simula Oktubre 2022, binago ang pambansang sistema, at ang gastusing-medikal para sa pagbisita sa malalaking ospital ng walang maipakitang sulat ng rekomendasyon/referral letter ay lalong magiging mahal

Unang Pagbisita　5,000 yen　→　7,000 yen（hindi kasama ang buwis）

Pangalawang Pagbisita　2,500 yen　→　3,000 yen（hindi kasama ang buwis）

Ang halagang ito ay hindi sakop ng segurong-pangkalusugan (*Kenkou Hoken*) at hindi rin ito kasama doon sa mataas na bayarin para sa pangangalagang-medikal. Ang mga malalaking ospital ay ang mga pang-unibersidad na ospital na may humigit-kumulang 200 o higit pang mga kama. Ang Japan ay may ganitong sistema kung saan nagkakaroon ng koordinasyon sa pagpatakbo ng alokasyon at mga aktibidad ng mga institusyong-medikal. Kung may mga pasyenteng hindi malubhang karamdaman na nagpapagamot sa malalaking ospital sa simula palang, ito ay makahahadlang sa pagpapagamot ng mga pasyenteng may malubhang karamdaman at mga pasyenteng dapat maospital na dapat ay siyang pangunahing ginagamot sa malalaking ospital. Mangyaring tandaan na kung bibisita ka sa isang malaking ospital nang walang sulat ng rekomendasyon, sisingilin ka ng karagdagang bayad na 7,000 yen o higit pa bilang karagdagan bayarin sa regular na gastusing-medikal.

Una, mangyaring bumisita muna sa malapit na klinika sa inyong lugar at humingi ng sulat ng rekomendasyon para sa mga pangunahing ospital kung kinakailangan.

☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆

## 【Q&A Segurong-panlipunan】

### Pagpisan sa segurong-panlipunan (*Shakai Hoken*) habang nasa panahon ng pagsubok sa trabaho pagkatapos ng makapasok sa trabaho.




Napagsabihan na ba kayo na hindi kayo maaaring pumisan sa segurong-panlipunan (*Shakai Hoken*) habang nasa panahon ng pagsubok sa trabaho/probationary period? Kung mag umpisa kayong magtrabaho sa Japan kinakailangan ninyong pumisan sa Sistema ng segurong-panlipunan, at makakatanggap kayo ng kard ng segurong-panlipunan (*hokensho*) mula sa inyong kumpanya. Minsan ay namamali ang pagkakaintindi na hindi kayo maaring pumisan sa segurong-panlipunan sa panahon ng inyong pagsubok sa trabaho/ probationary period, ngunit hindi ito totoo.

Ang mga manggagawang hindi sakop ng segurong-panlipunan ay ang mga nagtatrabaho sa mga panandaliang oras ng trabaho/part time na manggagawa at sa mga manggagawang may mababa sa dalawang buwan na kontrata. Dahil ang pagtatrabaho sa panahon ng pagsubok sa trabaho/ probationary period ay itinuturing na trabaho batay sa pag aakalang sa kalaunan ay opisyal na tatanggapin ang empleyado, ang empleyado ay dapat na nakapisan na sa segurong panlipunan mula sa simula pa lamang ng panahon ng pagsubok. Sa panahon ng pagsubok, hindi masasakop ng Segurong- Pambansang -Pangkalusugan /*Kokumin Kenkou Hoken* sa tanggapan ng lungsod at munisipyo, kaya hilingin sa kumpanya na ipisan/i-enroll kayo sa programa ng Segurong-Panlipunan /*Shakai Hoken* upang maiwasang mawalan ng seguro. Nagbibigay din ng konsultasyon ang mga tanggapan ng pensiyon para sa mga patakaran ng pagpisan sa segurong-panlipunan, mangyaring samantalahin ang serbisyong ito.

Impormasyon sa ibat ibang wika sa tanggapan ng Pensiyon　http://www.nenkin.go.jp/international/

☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆

## Pagpaparehistro Kung sakaling mahawaan ng Covid-19

Kung ikaw ay nagpositibo sa Covid-19, maari kang magparehistro upang maikonekta ka suportang institusyong-medikal. Sa mga taong mas mataas sa 65 taong gulang, nangangailangan ng hospitalisasyon, may panganib sa malubhang karamdaman, o buntis, kung nagpostibo ka sa pagsusuri sa isang institusyong-medikal, ang institusyong-medikal ang siyang gagawa ng pag uulat. Para sa lahat ng iba pa:.

◆ Kung ikaw ay sinuri sa isang institusyong medikal at nakitaan ng positibong resulta/diyagnosis → Pagkatapos ng diyagnosis, kailangan mong iulat (report) online sa "Shiga Prefecture Post-Diagnosis Corona Reporting Desk (***Shiga-ken Shingata Corona Shindango Shinkoku Madoguchi***)".

◆ Kung ikaw ay nagpositibo sa pamamagitan ng sariling pagsusuri (sa mga libreng lugar ,mga itinitindang komersiyal na test kits (pinahintulutan bilang vitro diagnostic products), o mga test kits na ipinamamahagi ng prepektura ng shiga.) → Mangyaring magparehistro online sa *"Shiga Prefecture Test Kit Distribution and Positive Patient Registration Center"* (***Shiga-ken Kensakito Haihu Youseisha Touroku Senta***) na hindi bumibisita sa institusyong medikal. Kung lumala ang mga sintomas, mangyaring bumisita sa institusyong medikal.


# Mag iingat sa Gulong- Pinansiyal!!

## ◆ Gulong dulot ng Elektronikong-Salapi (E-money)

Ang bilang ng mga nabibiktima ng mga umaabuso sa elektronikong-salapi, gayundin sa pamamaraan sa pagbayad ng cash para sa mga gawaing ilegal tulad ng pandadaya sa paniningil para sa paggamit sa mga sayt sa internet na ay lalong tumataas at mabilis ang paglaganap.

※ Sa elektronikong-salapi tulad ng mga prepaid-card, ang halaga ng E-money ay madaling maililipat sa pamamagitan ng pagbigay ng numero at ng iba pang mga impormasyon ng kard nang hindi na kailangan pang iabot ang kard sa kabilang Partido.

Ang bayad sa paggamit ay hindi pa nabayaran.Kung hindi ito mabayaran ngayong araw ay sisimulan na ang **legal na proseso ay isang**



Bumili ng E-money sa convenience store at sabihin mo sa akin ang numero ng iyong kard ay isang

**ISKAM/ PANGGAGANTSO!**

※ Ang pagsasabing "Legal na proseso" ay ginagamit upang lalo pang pukawin ang pagkabalisa ng biktima!



！Huwag sagutin o kontakin ang anumang mga bayarin na hindi mo alam

！Ang mga Negosyo, Kagawaran ng Hustisya, Korte, atbp. ay Kailan man hindi hihiling sa inyo na bumili ng E-money kard sa convenience stores sa ilalim ng pangalan ng "Bayarin para sa mga hindi pa nababayarang mga bayarin."

## ◆ Money Laundering /Paglilinis ng Pera (Upang maikubli at hindi matukoy ang taong nagmamay-ari ng pera na may kaugnayan sa krimen) ay Ilegal!



**ISKAM/ PANGGAGANTSO!**

Gusto kong ilipat mo ang perang ito mula sa inyong account, Bibigyan kita ng 10,000 yen ay isang



！Ilegal ang pagbigay ng inyong account sa ibang tao.

！Kung hindi ninyo matukoy kung ang provider ay ilegal o hindi, mangyaring huwag gamitin ang provider, kahit anong provider na hindi nakalista sa rehistradong nagbibigay serbisyo sa paglipat ng pundo sa website ng ahensiya ng Serbisyong Pananalapi ay Ilegal

Mangyaring itsek dito → https://www.fsa.go.jp/menkyo/menkyoj/shikin_idou.pdf

Upang maiwasan mabiktima dulot ng email at SMS (Short message service), mas makabubuting gumawa ng maagang paghahandang pamamaraan sa pagtanggi upang hindi makatanggap nito.

**! Kung sa tingin ninyo kahina-hinala, kaagad ipagbigay-alam sa pamilya, mga kaibigan, o kaya sa pulisiya #9110 (Linya ng kaagarang konsultasyon sa Pulis)!**

Serbisyong Telepono Para sa mga Kunsumidor 188 (Hapon)

Serbisyong Telepono Para sa mga Turistang Kunsumidor 03-5449-0906 (Inglis, Intsik, Koreano, Thai, Vietnamese, French, Hapon)

Tanggapan ng Konsultasyon para sa mga gumagamit ng Serbisyong-Pananalapi 0570-016811

(Mula sa IP phone 03-5251-6811)

Pangkalahatang serbisyo sa Inglis/English E-mail: equestion@fsa.go.jp

# Impormasyon sa Mimitaro



**Maligayang manigong bagong taon!**
**Maligayang bati para sa taong 2023**
**Taon ng kuneho Mimitaro**

### ◆Makatipid sa pamamasyal sa Nagahama Gamit ang pasaporte ng Nagahama Odekake

Pasaporte upang makapamasyal kayo sa kahit saan sa 14 na pinakamalalaking pamasyalang mga pasilidad sa siyudad ng Nagahama sa halagang 1,500 yen lamang (balido para sa 2 araw). Mga diskuwento, regalo at iba pang mga espesyal na mga alok.

♪Inirerekomendang mga pasilidad♪

・Museo ng Yanmar

Maraming mga para sa pambatang pang-karanasan,tulad ng pagpatakbo ng makinang pang-hukay.

・Pigura ng Kaiyodo Museo ng kurokabe

Isang museo kung saan makikita ninyo ang mga pigura mula sa ibat ibang mga panahon at maaring maaliw sa pagkakaroon ng pampamilyang oras ang lahat ng mga henerasyon. Maari din ninyong bisitahin ang ibang pang mga pasilidad pang-turista sa murang halaga, para sa karagdagang impormasyon pakitsek ang website.

### ◆ Hikari kanaderu Oka Rosa at Illumi 2022~2023

Pinakamalaking Pailaw sa Kansai hango sa mga pangkalikasang-kinang/Iluminasyon
Hanggang sa ika-12 ng Pebrero (Lin) 6 ~ 9pm
English Garden Rosa and Berry Tawada
TEL: 0749-54-2323

### ◆ Pagdiriwang sa Apoy ng Katsube

Isang katangi-tanging pagdiriwang sa Omi, kung saan sisindihan ng mga kabataan ang isang malaking tanglaw “Taimastu” na nakahugis ahas na katawan at sayawan, pag aayuno para sa kalusugan at kaginhawaan sa buhay.
Dambana ng Katsube
8-8 katsube 1 chome Moriyama
Enero 14 (Sab) 6pm

### ◆ Ang Munting Prinsipe ～Sulat galing kay Santo Exupery～

Isang pagtatanghal ng sayaw hango sa “Ang Munting Prinsipe”. Walang palitang-usap. Maaaliw kayo sa naggagandahang mga sayaw,kasuotan musika at inihandang tanghalan.
**Biwako Hall Medium Hall**
TEL: 077-523-7136
Ika-4 ng Pebrero (Sab) Mula 3pm, Ika-5 ng Pebrero (Lin) Mula 2pm

### ◆ Pinakamagandang panahon para sa tanawin ng pamumulaklak ng plum Kalagitnaan ng Enero ～ Katapusan ng Marso



Nagahama: Nagahama “Bonbai”
Eksibisyon (sa keiunkan at atbp.)
Yasu: Omifuji Karyoku Koen
Otsu:Templo ng Ishiyama
Kanoshojuan Sunai no sato
Hikone: Hikone Castle Otemon plum grove

### ◆ Biwako Marathon 2023

Bigyang pugay ang malapit sa 7000 mananakbo sa unang makasaysayang kaganapan na ito!
Marso 12 (Lin) 8:20am umpisa
Kurso: Umpisa sa /Ojiyama track and field estadyum
Magtatapos/goal/ karasuma Hantou

### ◆ BIG BREATH

Makikita ang isang bagong parke ng skateboard sa may pasilidad ng pang isport sa paanan ng bundok Ibuki, mayroon din klab para sa pagsakay sa kabayo, mga pang atletik na pasilidad para sa mga bata, palaruan ng futsal, tenis at lugar para pang bbq.
1777 Oonogi Maibara TEL:0749-56-0695

## Balita mula sa Mimitaro

### ◆ Paghandaan natin ang mga lindol!

Ang Japan ay lapitin ng lindol. Mahalagang palagi tayong nakahanada kahit na sa normal na pamumuhay.

1, kumpirmahin kung saan ang mga pangunahing -lugar ng sentro ng likasan sa mga munisipyo/lokal na tanggapan
2. Magtalaga ng lugar kung saan maaring magkita-kita ang pamilya.
3. Itsek ang mga kasangkapan sa bahay., atbp.na maaring mahulugan/madaganan kayo
4. Maghanda ng mga madaliang bitbitin na mga pang-emerhensiyang kagamitan.

### ◆ Panahon sa pagtatama ng buwis/final tax returns Mula ika 16 (Huwebes) ～Marso 15 (Miyerkules)

Kung kinakailangan ninyong isaayos ang mga ibinawas sa inyo dahil sa mga mataas na bayarin sa medikal na gastusin,o kaya sa mga bayarin sa pabahay na utang, sa mga kumikita sa negosyo, sa mga kumikita sa mahigit pa sa isang kumpanya, mangyaring mag aplay para sa pagtatama ng buwis/final tax returns sa opisina ng buwis.

**Sentro ng Imporamsyon para sa mga Dayuhang Residente sa Shiga** ( Sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization) Konsultasyon sa ibat ibang wika at may libreng serbisyo para sa legal na konsultasyon
Tel: 077-523-5646 Fax: 077-510-0601
Email: mimitaro@s-i-a.or.jp

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa Abril